10

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7: Pangwakas na Gawain sa Panitikang Mediterranean




CO_Q1_Filipino10_Module7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikasampung Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan (Panitikang Mediterranean) –**
**Modyul 7: Pangwakas na Gawain sa Panitikang Mediterranean**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyal. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyal na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Alvin D. Mangaoang |
| **Editor:** | Luisito V. Libatique |
| **Tagasuri:** | Arabella May Z. Soniega, Virgilio C. Boado, Gina A. Amoyen Editha T. Giron, Renato R. Santillan, Gemma Erfelo, Rowena Abad, Maria Teresita R. Gapate |
| **Tagaguhit:** | Rodel R. Rimando, Ernesto F. Ramos Jr. |
| **Tagalapat:** | Alvin D. Mangaoang |
| **Tagapamahala:** | Tolentino G. Aquino, Atty. Donato D. Balderas Jr., Arlene A. Niro, Gina A. Amoyen, Editha T. Giron, German E. Flora, Virgilio C. Boado, Alejo R. De Sesto |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region I**
Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

# 10

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 7: Pangwakas na Gawain sa Panitikang Mediterranean

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan naming magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kaming matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



# *Alamin*

Binabati kita! Matagumpay mong natapos ang mga aralin sa nakaraang mga araw. Ngayon ay narito na tayo sa panghuling modyul para sa Unang Markahan upang masukat ang iyong kaalaman sa nilalaman nito. Nakahanda ka na ba? Kung nakahanda ka na ay magsimula ka na.

Ang **Modyul 7** ay magsisilbing pangwakas na aralin para sa kabuoan ng Unang Markahan (Panitikang Mediterranean). Ang Dagat ng Mediterranean ay matatagpuan sa pagitan ng timog ng Europe, hilaga ng Africa at timog-kanlurang Asia. Ang salitang "Mediterranean" ay galing sa salitang Latin na "*medius*" at "*terra*" na nangangahulugang "gitnang lupain". Sinasaklaw ng Mediterranean ang sumusunod na mga bansa mula sa tatlong kontinente: Algeria, Egypt, Libya, Morocco, Tunisia na nasa kontinente ng Africa; sa kontinente naman ng Asia nariyan ang Cyprus, Israel, Lebanon, Syria, Turkey at ang *partially recognized* na mga bansang Northern Cyprus at Palestine; at sa kontinente ng Europe naman ay ang Albania, Bosnia at Herzegovina, Croatia, France, Greece, Italy, Malta, Monaco, Montenegro, Slovenia at Spain.

Ang rehiyong ito ay naging kanlungan ng tatlo sa mga pinakaunang sibilisasyon sa mundo – Mesopotamian, Egyptian at Greek. Ang mga Sumerians ng Mesopotamia ang nakatuklas ng sistema ng pagsulat na nagpabago at humubog sa kasaysayan ng mundo. Unti-unting umunlad ang pagsulat mula sa simbolong larawan, simpleng komunikasyon tungo sa likhang-sining at panitikan. Ang panitikan ng Sinaunang Mediterranean ay naging batayan ng iba't ibang uri ng panitikan sa buong mundo.

Masusuri mo sa araling ito ang epikong Greek na "Troy", isa sa mga mahahalagang bahagi ng Iliad ni Homer. Makapagbabahagi ka rin ng iyong opinyon o pananaw sa pagbuo ng suring-basa at maibibigay ang kaugnay na mga konsepto ng piling salitang *critique* (panunuri) at simposyum.

Sa pag-aaral sa modyul na ito, inaasahang malilinang mo ang sumusunod:

**Mga Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC)**

1. Naibabahagi ang sariling opinyon o pananaw batay sa napakinggan o nabasa. **(F10PN-Ii-j-68)**
2. Nakabubuo ng isang suring-basa sa alinmang akdang pampanitikang Mediterranean. **(F10PB-Ii-j-69)**
3. Naibibigay ang kaugnay na mga konsepto ng piling salitang *critique* at simposyum. **(F10PT-Ii-j-68)**

Handa ka na ba? Tara na't tayo ay magsimula na.

## *Subukin*

*Tayo na't sagutan natin ang paunang pagtatayang susubok sa iyong kahandaan sa ating aralin. Natitiyak kong sabik ka nang isagawa ang unang pagsubok. Simulan mo na.*

**PAUNANG PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahin at unawain ang sumusunod na mga tanong. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa mga katangiang dapat taglayin ng isang kritiko?
A. matapat na kumikilala sa akda
B. handang kilalanin ang sarili bilang manunuri
C. laging bukas sa pananaw ng pagbabago
D. tinitingnan ang negatibong aspekto ng isang akda

_____ 2. Ang sumusunod ay tumutukoy sa panunuring pampanitikan MALIBAN SA ISA.
A. Ito ay isang pag-aaral, pagtalakay, pagsusuri at pagpapaliwanag sa isang akdang pampanitikan.
B. Ito ay malalim na paghihimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglapat ng iba't ibang dulog.
C. Ito ay pagtalakay na nagbibigay-buhay at diwa sa isang likhang-sining.
D. Ito ay pumapaksa sa pagsasabuhay ng isang akdang pampanitikan sa entablado o iba pang media.

_____ 3. Tumutukoy ito sa kung ano ang nadama at paano naantig ang emosyon ng mambabasa.
A. bisa sa isip
B. bisa sa damdamin
C. bisa sa kaasalan
D. bisa sa kalikasan

_____ 4. Ito ay isang okasyon, pagpupulong o panayam kung saan nagtitipon-tipon ang mga kalahok upang talakayin ang isang partikular na paksa.
A. kumperensya
B. simpsosyum
C. seminar
D. lahat ng nabanggit

_____ 5. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa mga batayang konsepto sa paggawa ng simposyum?
A. gawing pormal
B. kilalanin ang paksa
C. maging matalinghaga
D. lumahok sa diskusyon

_____ 6. Tumukoy ito sa pagsusuri o rebyu ng binasang teksto o akda.
A. suring-pampelikula
B. suring-pantelebisyon
C. suring-pan-social media
D. suring-basa

_____ 7. Alin sa sumusunod na bahagi ng isang suring-basa ang sumusuri sa tema, tauhan, tagpuan, balangkas at kultura sa akda?
A. pangnilalaman
B. pangkaisipan
C. panimula
D. buod

_____ 8. Alin sa sumusunod na bahagi ng isang suring-basa ang sumusuri sa mga kaisipan at estilo pagkakasulat ng akda?

A. pangnilalaman C. panimula
B. pangkaisipan D. buod


_____ 9. Sa isang simposyum, siya ang tagapaglahad ng paksa, tagapatnubay, tagapaglinaw at nagbibigay ng buod.


A. open forum C. speaker
B. seminar-workshop D. modereytor

_____ 10. Kapag nakapagsalita na ang lahat sa isang simposyum susundan ito ng ________________________.

A. open forum C. round table discussion
B. seminar-workshop D. focus group discussion

B. Panuto: Magbigay ng iyong inisyal na kaalaman o konsepto hinggil sa salitang *critique* at simposyum gamit ang grapikong presentasyon. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.




C. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa iyong sagutang papel ang **FACT** kung ang pangungusap ay *Tama* at **BLUFF** naman kung ito'y *Mali*.

____________________ 1. Hindi tinatablan si Achilles ng kahit anomang sandata maliban sa kaniyang pusod na siyang kaniyang kahinaan.

____________________ 2. Si Chryseis ang dahilan kung bakit sumiklab ang digmaan sa pagitan ng Troy at Greece.

____________________ 3. Si Hector ang nakatalo at nakapaslang kay Achilles sa pamamagitan ng pagpana sa kaniyang sakong.

____________________ 4. Hindi nakiisa ang Thebes sa pakikipagdigma sa Troy dahil wala naman silang rason upang kaawayin sila.

____________________ 5. Hinimok ni Haring Agamemnon ang lahat ng mga lungsod ng Troy upang kalabanin ang Greece.

____________________ 6. Nagtago sa likuran ng mga kawal si Paris nang hamunin niya si Haring Menelaus.

____________________ 7. Nagpanggap na Achilles si Patroclus gamit ang gayak-pandigma nito.

____________________ 8. Pinayuhan at tinulungan ni Aphrodite si Paris upang magapi ang mga Greek sa labanan.

____________________ 9. Sa sama ng loob ni Achilles, sumugod siya sa kampo ng mga Trojan upang ipaghiganti si Patroclus.

____________________ 10. Ipinagluksa ni Haring Priam ng Troy ang kamatayan ng kaniyang anak na si Paris.

*Magaling! Binabati kita at natapos mo ang paunang pagtataya. Huwag kang panghinaan ng loob kung mababa man ang iyong nakuhang marka. Ito ay unang pagsubok pa lamang at natitiyak kong paghuhusayan mo pa lalo ang iba pang gawaing inihanda ko para sa iyo. Kaya naman, ipagpatuloy mo na ang pag-aaral sa ating aralin.*

# Aralin 1 — Pangwakas na Gawain sa Panitikang Mediterranean

## Panunuring Pampanitikan at Simposyum



## *Balikan*

*Ngayon, bago tayo pumunta sa talakayan, magbabalik-tanaw muna tayo sa mga natalakay na akdang pampanitikan ng Mediterranean. Sagutin mo muna ang gawain.*

**Gawain 1: Impluwensiya ng Panitikang Mediterranean**

Panuto: Itala ang mga impluwensiya ng mga akdang pampanitikan ng Mediterranean sa panitikan, pamumuhay, kaugalian, paniniwala at kultura sa ating bansa at sa buong mundo.

Panitikang Mediterranean

| Impluwensiya sa Pilipinas | Impluwensiya sa Mundo |
| --- | --- |
| | |

*Binabati kita at naikintal sa iyong isipan ang kaisipan at impluwensiya ng mga akdang pampanitikang iyong napag-aralan. Natunghayan mo ang mahalagang ambag ng panitikang Mediterranean sa pag-unlad ng sarili nating panitikan at maging sa buong mundo.*

*Tulad ng isang minahan ang taglay na yaman ng bawat panitikan ng ating binabasa. Mamimina lamang natin nang lubos ang gintong kaisipang taglay nito kung susuriing mabuti ang ating binabasa. Ang kaalamang ito ay higit mo pang mapagyayaman kung magsasagawa ka ng suring-basa sa napiling akda mula sa Mediterranean. Bilang pangwakas na gawain, ikaw ay gagawa ng isang suring-basa ng isang akdang mula sa Mediterranean. Tunghayan ang talakayan sa pagsusuri sa kasunod na pahina. Kung handa ka na, magsimula na.*



***Mga Tala para sa Guro***

Bagaman ang orihinal na inaasahang pagganap ay kinakailangang maging pangkatan at aktuwal ang pagsasama-sama ng mga mag-aaral sa pagbuo ng simposyum, gagawin itong *self-paced* ng modyul na ito. May ibang mga kaparaanan upang maisakatuparan ang kasanayang pampagkatuto. Manatili lamang sa paggabay sa ating mga mag-aaral sa mga bahaging sila'y mahihirapan upang mas maging mainam at interaktibo ang pagkatuto at pagtuturo.



# *Tuklasin*

*Sa bahaging ito ng aralin, babasahin, uunawain at susuriin mo ang isang bahagi ng mito o epikong Greek na "Troy". Ang Troy ay kilalang tagpuan sa epiko ni Homer na "Iliad" kung saan naganap ang Trojan War noong ika-13 siglo BCE na tumagal ng sampung taon dahil sa kagustuhan ni Haring Menelaus na makuhang muli ang kaniyang asawang si Helen na inagaw ni Paris – prinsipe ng Troy. Ang Troy ay isinalaysay sa pamamagitan ng tulang pasalaysay na kilala sa tawag na epiko. Magagamit mo ang akdang ito para sa inaasahang pagganap.*

## Troy

*Isinalaysay ni J.L. Royo*
*Nirebisa ni Alvin D. Mangaoang*

Sa pagsisimula ng labanan sa pagitan ng mga Trojan at Greek, hinikayat ni haring Agamemnon ang lahat ng mga lungsod sa Greece na magpadala ng mga sundalo para makiisa sa gagawing pagsalakay sa Troy. Halos lahat ng lungsod ay tumugon sa kaniyang panawagan maliban lamang sa Thebes na noon ay naniniwalang ang pakikipaglaban sa mga Trojan ay isang kahibangan. Nang marinig ni Haring Agamemnon ang naging pasya ng mga Theban ay agad siyang nagpadala ng mga sundalo sa kanilang lungsod upang ito'y sirain. Kinuha ang kanilang mga ari-arian at ginawang bihag ang ilan sa magagandang dilag sa

kanilang lugar. Kabilang na si Chryseis, isang napakaganda at napakabatang dilag na anak ng isang pari ng Thebes. Matapos na maipagbunyi ng mga Greek ang kanilang tagumpay sa pagwasak ng lungsod ng Thebes ay naging bihag na ni Haring Agamemnon ang dalaga.

Libo-libong mandirigma ang dumating sa Troy, kasama rito ang magiting at ang napakabilis na si Achilles. Sa kanilang pagdating, pinili ng mga sundalong Greek na manatili muna sa baybaying malapit sa Troy para makapaghanda sa gagawing pagsalakay.



*Muling iginuhit ni Rodel R. Rimando (2020). Larawan nina Achilles at Hector.*

Kinagabihan, dumating sa kanilang kampo ang matandang pari na ama ni Chryseis. Hiniling nitong makipag-usap sa hari at sa kaniyang mga nasasakupan. Sa kanilang paghaharap ay nagmakaawa ito sa hari na ibalik ang kaniyang anak, kapalit ng kaniyang mataimtim na dasal na sila ay gabayan ng mga diyos at diyosa upang magtagumpay sa kanilang pakikipaglaban. Ngunit sa halip na siya ay kaawaan ng hari, siya ay tinakot at hinamak.

Nilisan agad ng matanda ang kampo at kinagabihan, sa kaniyang pag-iisa sa dalampasigan ay lumuhod at taimtim na nagdasal sa diyos na si Apollo. Naawa si Apollo sa matanda kaya sa isang iglap ay pinaulanan niya ng pana ang kampo ng mga Greek na naging dahilan ng pagkakaroon nila ng matinding karamdaman.

Nasaksihan lahat ni Achilles ang mga pangyayaring ito, kaya agad niyang tinipon ang mga heneral at sa hari ay nagwikang ang pang-iinsulto at pananakot na ginawa nito sa matanda ay hindi nakabuti, sa halip ito ay nakasama sa kanilang pangkat na ngayo'y nagdurusa sa paghihiganti ng diyos na si Apollo. Dahil dito, inutos ni Achilles sa hari na ibalik na niya ang dalaga sa kaniyang ama.

Galit na galit ang hari sa kaniyang narinig. Bagaman lubos ang kaniyang paniniwala sa kakayahan ni Achilles ay isang paglapastangan ang ginawa nitong pagdidikta sa kaniya at kailanma'y hindi siya susunod sa isang hamak na mandirigma lamang. Ikinasama ng loob ni Achilles ang sagot ng hari kaya agad siyang umalis.

Kinabukasan, mas lalong lumala ang naging kalagayan ng mga sundalong Greek. Ang kanilang mga katawan ay patuloy na nanghina dahil sa matinding karamdamang dumapo sa kanila. Dahil dito, ipinasya ng hari na ihatid na si Chryseis sa kaniyang ama at ang lahat ng babaeng ibinilanggo ng mga sundalo kabilang na ang kay Achilles ay pinakawalan na rin. Nainsulto si Achilles sa ginawang desisyon ng hari kung kaya pinili niyang huwag nang makiisa sa digmaan.

Sa pagbubukang-liwayway, libo-libong mandirigma ang naglaban-laban dahil lamang sa isang babae na kung tawagin ay Helen. Si Helen na asawa ni Haring Menelaus (kapatid ni Haring Agamemnon) na matapos makita ang binatang si Paris ay kaagad na nabihag ang puso at sumama sa binata sa Troy.

Walang takot na sinalubong ng mga Trojan sa pamumuno ni Hector ang mga sundalong Greek. Si Hector ay kilala sa kaniyang katapangan at pagiging mabagsik na mandirigma ng Troy. Siya ay kapatid ni Paris na mahilig sa magagandang damit at pakikipag-ulayaw sa magagandang babae.

Sinisi ni Hector si Paris dahil sa kaniyang pang-aagaw kay Helen kay Haring Menelaus, masisira ang kanilang magandang siyudad, mamamatay ang libo-libo nilang mandirigama at magiging bilanggo ang kababaihan at kabataan sa kanilang lugar. Sa tindi ng galit ni Hector kay Paris, hiniling niyang hindi na lamang sana siya isinilang para hindi maranasan ng kanilang nasasakupan ang lahat ng mga kaguluhang naangyayari.

Nang marinig ni Paris ang tinuran ng kaniyang kapatid ay agad siyang sumakay sa kaniyang karwahe at buong tapang na hinamon ang pinakamatapang na sundalong Greek na makipaglaban sa kaniya upang hindi na magdusa pa ang lahat.

Narinig ni Haring Menelaus ang kaniyang panawagan at kaagad itong bumaba sa kaniyang karwahe upang labanan ang binata at nagwikang nagagalak siya sapagkat siya mismo ang kikitil sa buhay niya. Dahil sa matinding takot sa sinabi ni Haring Menelaus ay nagtago si Paris sa likuran ng kaniyang pangkat. Sa kabilang banda, hindi magkamayaw ang tawanan ng mga sundalong Greek sa kanilang nasaksihan na nagdulot ng malaking kahihiyan sa mga Trojan.

Sa takot na makaabot sa pandinig ni Helen ang kaniyang ginawa ay kaagad na lumabas si Paris at hinarap si Haring Menelaus. Dahil hindi sanay na makipaglaban si Paris ay hindi niya kinaya ang lakas at galing ng hari. Hinila siya ng hari papunta sa pangkat ng mga sundalong Greek.

Nasaksihan ni Aphrodite – ang diyosa ng pag-ibig, ang nangyari kay Paris kaya agad siyang pumagitna at dinala ang binata kay Helen – ang babaeng pinakamamamahal niya.

Nagpatuloy ang digmaan at libo-libong mandirigma na ang ang nangamatay. At hangga't hindi nakikiisa si Achilles sa labanang ito, patuloy na malalagas ang puwersa ng mga sundalong Greek. Pagsapit ng gabi, nagliliwanag ang mga kampo ng mga sugatang sundalo na bagaman pagod na ay patuloy pa rin sa paghahanda.

Isang sundalo ang naglakas-loob na humingi ng tulong kay Achilles ngunit patuloy na nagmatigas ang binata. Dahil dito, naisipan ni Patroclus – kaibigang matalik at pinsan ni Achilles na magpanggap gamit ang kasuotan ng magiting na mandirigma.


Sa kaniyang ginawa, biglang nanumbalik ang lakas ng mga sundalong Greek sa pakikipaglaban sa mga Trojan na noon ay walang takot na humaharap at pumapatay ng mga kalaban. Hanggang sa isang pangyayari ang nagpabago ng lahat, napatay ni Hector si Patroclus na noon ay nagbabalat-kayong si Achilles. Nagbunyi ang prinsipe ng Troy ngunit nang matuklasang hindi pala ito si Achilles ay kaagad na napawi ang kaniyang kaligayahan at nangamba sa maaaring iganti ni Achilles sa kaniya.

Walang mapagsidlan ang galit ni Achilles nang marining ang sinapit ng kaibigan kaya agad siyang naghanda at tinawag si Hector na noon ay masinsinang nakikipag-usap sa kaniyang asawa't mga magulang. At bago niya hinarap si Achilles ay isang matamis na halik ang iniwan niya sa kaniyang anak na iyak nang iyak dahil sa takot sa sasapitin ng ama.

Bago niya hinarap si Achilles ay isang panalangin ang kaniyang inusal kay Zeus. Idinalangin na sana pagdating ng araw ay mas mahigitan pa ng kaniyang anak ang kaniyang galing at tapang upang maipagtanggol niya ang kaniyang ina at sampu ng kaniyang nasasakupan.

Sa kanilang paghaharap, walang panama ang lakas at bilis ni Hector sa lakas ni Achilles. Naglabanan ang dalawa hanggang sa isang iglap ay binawian ng buhay si Hector. Nakita ng lahat ang nangyari kay Hector. Ikinalungkot ito ng mga Trojan at higit lalo ng kaniyang butihing asawang si Andromache. Nang namatay na ang pinakamagiting na mandirigma ng Troy, malaki ang paniniwala ng mga Greek na sila ay magtatagumpay lalo na't naroon si Achilles na tutulong sa kanila.

Kinagabihan, kinaladkad ni Achilles ang katawan ni Hector sa kanilang kampo. Ipinagluksa ni Haring Priam ng Troy ang pagkamatay ni Hector at natakot sa maaaring sapitin ng kaniyang nasasakupan lalo na't si Hector lamang ang inaasahan ng lugar. Hatinggabi nang nagtungo si Haring Priam kay Achilles at nagmakaawang kunin ang mga labi ng kaniyang anak at bigyan ng nararapat na libing na para sa isang prinsipe. Binigay naman ni Achilles ang katawan ni Hector at sinabihan ang lahat ng mandirigmang Greek na walang magaganap na pag-aatake sa loob ng labindalawang araw bilang respeto sa libing ni Hector.



Makalipas ang panahon, dahil sa hindi mabasag-basag ng mga mandirigma ni Haring Agamemnon ang malakas na depensa ng mga Trojan, naisip ni Odysseus na gumawa ng isang napakalaking kabayong gawa sa kahoy upang ibigay bilang regalo para sa mga Trojan. Tinanggap naman ito ng mga Trojan ngunit ang hindi nila alam, nasa loob ng kabayo ang mga sundalong Greek na pinangungunahan ni Achilles. Nang hatinggabi, habang tahimik na natutulog ang lahat, inatake nina Achilles ang mga kalaban nila at sinunog nila ang lungsod. Pinatay ni Haring Agamemnon si Haring Priam ngunit patagong sinaksak naman ni Chryseis si Agamemnon na siyang dahilan ng kaniyang pagkasawi.

Si Apollo, na diyos ng mga mandirigma ay biglang nagpakita kay Paris at nagpasyang tulungan ang Troy sa kanilang pakikipaglaban. Pinayuhan niya si Paris na lumaban gamit ang pana. Sinabing paulanan niya ng pana ang mga sundalong Greek. Nagdalawang-isip si Paris na patayin ang magiting na si Achilles dahil hindi siya agad-agad namamatay. Ibinabad kasi ng kaniyang ina ang katawan niya maliban sa sakong nito sa ilog Styx.

Isinalaysay ni Apollo na batid ng lahat ng mga diyos na ang kaniyang buhay ay may hangganan dahil sa ginawa niyang pagpili sa kanilang harapan. Ninais niyang sumama sa digmaang ito kapalit ng kaniyang katanyagan at pagkilala sa kaniya bilang isang magiting na mandirigma.

Dahil sa narinig, kaagad na ibinabad ni Paris ang kaniyang mga palaso sa isang lason at saka ipinaulan sa kaniyang mga kalaban. Tinamaan ng isang palaso ang sakong ni Achilles. Nahulog si Achilles sa kaniyang karuwahe at humandusay ang patay na katawan niya sa lupa.

*Maaaring panoorin sa mga link na ito:*
https://www.youtube.com/watch?v=4Mm-Y-z-QDI
https://www.youtube.com/watch?v=6V1D6Sq4oaY&t=337s

*Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Kung oo, mahusay ka! Kung hindi, maaari mmo ring balikan upang mas maunawaan mo pa ito. Ngayon kung lubos mo nang nauunawaan, isagawa mo ang kasunod na gawain.*


**Gawain 2: Pag-unawa sa Binasa**
Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sino si Achilles? Ano ang malaking tungkulin niya sa digmaan ng Troy?
   ____________________
   ____________________
2. Ano ang dahilan ng pagkakaroon ng labanan sa Troy?
   ____________________
   ____________________
3. Anong uri ng pinuno si Haring Agamemnon? Makatuwiran ba ang ginawa niya sa Thebes?
   ____________________
   ____________________
4. Ilarawan si Paris bilang isang mandirigma. Nararapat bang taglayin ang ganitong katangian ng isang mandirigma?
   ____________________
   ____________________
5. Paghambingin ang katauhan nina Hector at Achilles? Ipaliwanag kung sino sa kanila ang dapat pamarisan at ituring na magiting.
   ____________________
   ____________________

**Gawain 3: Opinyon Ko, Mahalaga!**
Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong at pahayag. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sino sa mga tauhan ng epikong Troy ang maaaring sumalamin sa iyong katauhan?
   ____________________
   ____________________
2. Sa kabuoan, ano ang nais iparating na mensahe ng epikong Troy?
   ____________________
   ____________________
3. Sa tingin mo, nararapat bang makialam ang mga diyos at diyosa sa awayan ng mga mortal? Bakit?
   ____________________
   ____________________
4. Sa iyong pananaw, paano matatapos ang isang kaguluhan sa pagitan ng magkaalitang mga bansa o kaharian?
   ____________________
   ____________________
5. Mailalarawan ba sa isang akdang pampanitikan ang kultura ng isang bansa? Paano?
   ____________________
   ____________________

*Mahusay! Binabati kita sa matiyaga mong pag-aaral sa mga aralin. Magpatuloy ka lang sa iyong pag-aaral.*



# *Suriin*

*Basahin at unawain mo ang kaugnay na mga konsepto sa panunuring pampanitikan (critique), suring-basa at simposyum upang maisakatuparan mo ang inaasahang pagganap.*

***Alam mo bang...***

**Panunuring Pampanitikan** ang tawag isang malalim na paghihimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglalapat ng iba't ibang dulog ng kritisismo para sa mabisang pag-unawa sa malikhaing katha ng manunulat?

- Isa itong pag-aaral, pagtalakay, pagsusuri at pagpapaliwanag ng panitikan.
- Ito rin ay isang uri ng pagtatalakay na nagbibigay-buhay at diwa sa isang likhang-sining.
- May iba't ibang paraan kung paano masusuri ang isang akda .Ito ay ang suring-basa, suring-pampelikula at suring-pantelebisyon. *(Sa pangwakas na gawain natin, gagamitin natin ang suring-basa)*

**Suring-basa** – Ito ay isang pagsusuri o rebyu ng binasang teksto o akda. Ito ay maikling panunuring pampanitikang naglalahad ng sariling kuro-kuro o palagay tungkol sa akda. Layunin nitong mailahad ang mga kaisipang matatagpuan sa isang akda at ang kahalagahan nito.

**<u>Mga Dapat Tandaan sa Pagsasagawa ng Suring-basa</u>**

1. Ang pagsusuri sa akda ay dapat may uri at katangian ng katalinuhan, seryoso at marubdob na damdamin at ng tapat na mithi sa kalayaan.
2. Alamin kung anong uri ng akdang pampanitikan ang sinusuri.
3. Sa pagsusuri ng anomang akda, kailangang mahusay ang organisasyon o balangkas. Bahagi ito sa disiplina ng pagsusuri.
4. Bago isulat ang suring-basa ng isang akda, gumawa muna ng sinopsis o maikling lagom.
5. Sa pagsusuri ng akda, dapat maging maganda ang paksa, may kalinisan ang wika at organisado ang paglalahad.
6. Ipahayag ang kaisipan sa malinaw at tiyak na paraan.
7. Ang susuriing akda ay kailangang napapanahon, may matibay na kaisahan, makapangyarihan ang paggamit ng wika at may malalim na kaalaman sa teoryang pampatikan.
8. Gumamit ng mga pananalitang matapat.
9. Pahalagahan din ang paraan o estilo ng pagkakasulat.
10. Ang susuriing akda ay kailangang nagpapamalas ng masinop na pag-uugnay ng mga sangkap ng pagsulat.

**<u>Mga Katangiang Dapat Tanglayin ng isang Kritiko</u>**

1. Matapat sa sarili. Itinuturing ang panunuring pampanitikan bilang sining.
2. Bukas ang pananaw sa mga pagbabagong nagaganap sa panitikan.
3. Iginagalang ang desisyon at posisyon ng ibang mga kritiko.

4. Matapat na kumikilala sa akda bilang isang akdang sumasalamin sa paraan ng pagbuo o konstruksiyon.
5. Kailangan may paninindigan ang isang kritiko.

## Pormat o Balangkas na Gagamitin sa Pagsulat ng Suring-basa

**I. Panimula**

- *Pamagat* – pagkilala sa pamagat ng akda o teksto.
- *May-akda* – pagkilala sa kung sino ang sumulat o nagsalin ng akda.
- *Uri ng panitikan* – pagtukoy sa anyo ng panitikang sinulat, sa himig o damdaming taglay nito.
- *Bansang pinagmulan* – pagkilala sa bansa kung saan naisulat ang akda.
- *Layunin ng Akda* – pagsusuri sa kahalagahan ng akda at ang layunin nito. Tumutukoy ito sa nais iparating at motibo ng manunulat sa teksto. Mahihinuha ito sa pamamagitan ng uri ng diskursong ginamit sa pagpapahayag. Halimbawa, ito ba'y naglalayong magpakilos o manghikayat, manuligsa, magprotesta, maglarawan, magsalaysay, maglahad ng impormasyon at iba pa.

**II. Pagsusuring Pangnilalaman**

- *Tema o Paksa ng akda* – Ito ba'y makabuluhan, napapanahon, makatotohanan at mag-aangat o tutugon sa sensibilidad ng mambabasa? Ang paksa ay sumasagot sa tanong na tungkol saan ang binasa?
- *Mga Tauhan sa Akda* – Sino-sino ang mga tauhan at ang kanilang mga katangian?
- *Tagpuan / Panahon* – Kailan naganap? Anong panahon? Binibigyan ng pansin sa panunuring pampanitikan ang kasaysayan.
- *Balangkas ng mga Pangyayari* – Paano binuo ang balangkas ng akda? Ano ang mensaheng ipinahihiwatig ng kabuoan ng akda? May natutuhan ka ba sa nilalaman ng akda?
- *Kulturang Masasalamin sa Akda* – May nakikita bang uri ng pamumuhay, paniniwala, kaugalian o kulturang nangibabaw sa akda? Nakaimpluwensiya ba ito sa pananaw ng ibang tao o bansa?

**III. Pagsusuring Pangkaisipan**

- *Mga Kaisipan / Ideang Taglay ng Akda* – Ano-ano ang mga kaisipang lumitaw sa akda? Maaari ring salungatin, pabulaanan, mabago o palitan ang mga kaisipang ito.
- *Estilo ng Pagkakasulat ng Akda* – Epektibo ba ang paraan ng paggamit ng mga salita? Angkop ba sa antas ng pang-unawa ng mga mambabasa ang pagkabuo ng akda? May bisa kaya ang estilo ng pagkakasulat sa nilalaman ng akda?
  - *Bisa sa Isip* – tumutukoy sa kung paano naiimpluwensiyahan ang pag-iisip o utak.
  - *Bisa sa Damdamin* – Ano ang nadama at paano natigatig ang emosyon ng mambabasa?

**IV. Buod**

- Hindi kailangang ibuod nang mahaba ang akda. Ang pagbanggit sa mahahalagang detalye ang bigyang-tuon.

*Magaling! Sana ay nakatulong sa iyo ang talakay para maunawaan ang konsepto ng suring-basa. Bago tayo magpatuloy sa talakayan tungkol sa Simposyum ay isagawa mo muna ang kasunod na gawain.*

**Gawain 4: Ito ang Gusto Ko...**
Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong at pahayag sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang panunuring pampanitikan?
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Magbigay ng isa sa mga dapat taglayin ng isang kritiko at ipaliwanag.
   ____________________________________________
   ____________________________________________

*Ngayon, nabatid mo na ang ilan sa mga dapat tandaan sa isang suring-basa, ngayon naman ay tutungo tayo sa kahulugan ng simposyum.*

**Simposyum** – Ito ay isang okasyon, pagpupulong, o panayam kung saan nagtitipon-tipon ang mga kalahok para talakayin ang isang partikular na paksa. Ito ay maihahalintulad sa kumperensya ngunit mas maliit ang sakop ng simposyum. Sa isang simposyum, karaniwan nang may isa o ilang taong gumaganap bilang pangunahing tagapagsalita. Siya o ilang piling eksperto ang tumatalakay sa paksa o usaping nakapaloob sa simposyum. Pakikinggan naman sila ng mga kalahok, bisita, kapwa eksperto sa paksa o tagasubaybay sa nagaganap na simposyum.

- Ito ay may isang modereytor na:
  - tagapaglahad ng paksa at layunin ng talakayan
  - tagapagpakilala ng mga tagapagsalita
  - tagapatnubay sa kaayusan at daloy ng talakayan
  - tagapaglinaw sa mga tanong at detalye
  - tagapagbigay ng buod ng talakayan

- Isa-isang tatalakayin ng mga tagapagsalita ang paksang ibinigay sa kanila ayon sa itinakdang oras at haba ng pagsasalita.
- Kapag nakapagsalita na ang lahat ng bumubuo sa pangkat, susundan ng lahatang diskusyon o *open forum* kung saan maaaring magtanong ang mga tagapanikig.

**<u>Mga Dapat Tandaan sa Pagsasagawa ng Simposyum</u>**

1. Gawing pormal ang simposyum.
2. Kilalalin ang paksa at iba pang kalahok sa simposyum.
3. Maging pamilyar sa mga termilohiya o jargons.
4. Aktibong lumahok sa diskusyon.
5. Maging malalim at kritikal sa pagsusuri ng tinatalakay.

*Magaling. Natapos mo nang matutuhan ang tungkol sa simposyum gayon din. Sa pagkakatong ito'y sagutin mo na ang kasunod na gawain.*

**Gawain 5: Usap Tayo...**
Panuto: Sagutin ang pahayag at tanong sa iyong sagutang papel.

1. Ipaliwanag ang katuturan ng simposyum.
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Anong mga isyung panlipunang iyong napakinggan sa balita ang nais mong pag-usapan sa isang simposyum at bakit?
   ____________________________________________
   ____________________________________________




# *Pagyamanin*

*Ang pagiging isang mahusay na pinuno ay tunay na ikinararangal ng isang bansa at kaniyang mamamayan. Isang napakalaking hamon ang maging isang marangal na pinuno at maging isang mandirigma sa ikadarakila ng kaniyang mga nasasakupan.*

*Ngayon, iuugnay naman natin ang mensaheng nakapaloob sa nabasang akda sa iyong sarili at sa lipunang iyong ginagalawan. Sagutin mo pang muli ang kasunod na mga tanong upang mas mapalalim ang iyong pag-unawa.*

**Gawain 6: Saliksik Epiko!**

Panuto: Magsaliksik at pumili ng epikong natatangi sa iyong lokalidad. Magbahagi ng sariling opinyon o pananaw sa pagkakaiba at pagkakatulad ng epikong ito sa epikong Troy. Punan ang tsart sa ibaba.






# *Isaisip*


**Gawain 7: Sagutin Natin**

Panuto: Sagutin ang sumusunod na tanong sa iyong sagutang papel.

1. Paano nakatutulong ang panunuring pampanitikan sa pagpapayaman ng wika at kulturang Pilipino?
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________
   ______________________________________________________________

2. Paano nagiging kapaki-pakinabang ang simposyum sa mabisang pagbabahagi ng kaalaman at impormasyon?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________



## *Isagawa*

*Upang matiyak mo kung talagang naintindihan ang araling ating tinalakay sa mga nagdaang araw tungkol sa suring-basa at simposyum, isagawa mo ang pangwakas na gawain para sa Unang Markahan.*

**Gawain 8: GRASPS**

| | |
|---|---|
| ***Goal*** | Makasusulat ng suring-basa ng Epikong Troy upang ito'y maaaring maipresenta sa isang simposyum. |
| ***Role*** | Isang presenter o maglalahad ng isang suring-basa. |
| ***Audience*** | Guro, mga kapwa mag-aaral. |
| ***Situation*** | Ipagpalagay na ikaw ay nasa simposyum at ikaw ay naatasang magsagawa ng suring-basa sa Epikong Troy. |
| ***Product*** | Suring-basa sa Epikong Troy na maipepresenta sa isang simposyum. Maaaring ihayag sa hatirang pangmadla o *social media.* |
| ***Standards*** | A. Mabisang Panimula.............................................. 10 puntos<br>B. Pagsusuring Pangnilalaman.................................... 25 puntos<br>C. Pagsusuring Pangkaisipan....................................... 25 puntos<br>D. Lalim ng Pagsusuri................................................ 20 puntos<br>E. Buod.......................................................................20 puntos<br>Kabuoan..............................................................100 puntos |

### SURING-BASA SA ISANG AKDANG MEDITERRANEAN

**I. Panimula**
Pamagat: ______________________________
May-akda: ______________________________
Uri ng panitikan: ______________________________
Bansang pinagmulan: ______________________________
Layunin ng Akda: ______________________________

**II. Pagsusuring Pangnilalaman**
Tema o Paksa ng akda: ______________________________
Mga Tauhan sa Akda: ______________________________
Tagpuan / Panahon: ______________________________
Balangkas ng mga Pangyayari: ______________________________
Kulturang Masasalamin sa Akda: ______________________________

**III. Pagsusuring Pangkaisipan**
Mga Kaisipan / Ideang Taglay ng Akda: ______________________________
Estilo ng Pagkakasulat ng Akda: ______________________________

**IV. Buod**
_______________________________________________

## Tayahin

*Napakahusay mo! Binabati kita sapagkat narito na tayo sa pangwakas na pagtataya. Kaya sagutin mo na ang mga katanungan.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

A. Panuto: Basahin at unawain mo ang sumusunod na tanong. Isulat sa iyong sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

_____ 1. Ang sumusunod ay tumutukoy sa panunuring pampanitikan MALIBAN SA ISA.
- A. Ito ay pumapaksa sa pagsasabuhay ng isang akdang pampanitikan sa entablado o iba pang media.
- B. Ito ay isang pag-aaral, pagtalakay, pagsusuri at pagpapaliwanag sa isang akdang pampanitikan.
- C. Ito ay malalim na paghihimay sa mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng paglapat ng iba't ibang dulog.
- D. Ito ay pagtalakay na nagbibigay-buhay at diwa sa isang likhang-sining.

_____ 2. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa mga katangiang dapat taglayin ng isang kritiko?
- A. matapat na kumikilala sa akda
- B. tinitignan ang negatibong apekto ng isang akda
- C. handang kilalanin ang sarili bilang manunuri
- D. laging bukas sa pananaw ng pagbabago

_____ 3. Tumukoy ito sa pagsusuri o rebyu ng binasang teksto o akda.
- A. suring-pampelikula
- B. suring-pantelebisyon
- C. suring-pansocial media
- D. suring-basa

_____ 4. Tumutukoy ito sa kung ano ang nadama at paano naantig ang emosyon ng mambabasa.
- A. bisa sa isip
- B. bisa sa damdamin
- C. bisa sa kaasalan
- D. bisa sa kalikasan

_____ 5. Alin sa sumusunod na bahagi ng isang suring-basa ang sumusuri sa tema, tauhan, tagpuan, balangkas at kultura sa akda?
- A. pangnilalaman
- B. pangkaisipan
- C. panimula
- D. buod

_____ 6. Alin sa sumusunod na bahagi ng isang suring-basa ang sumusuri sa mga kaisipan at estilo pagkakasulat ng akda?
- A. pangnilalaman
- B. pangkaisipan
- C. panimula
- D. buod

_____ 7. Ito ay isang okasyon, pagpupulong, o panayam kung saan nagtitipon-tipon ang mga kalahok upang talakayin ang isang partikular na paksa.
- A. kumperensiya
- B. simpsosyum
- C. seminar
- D. lahat ng nabanggit

_____ 8. Alin sa sumusunod ang <u>HINDI</u> kabilang sa mga batayang konsepto sa paggawa ng Simposyum?

A. gawing pormal
B. kilalanin ang paksa
C. maging matalinghaga
D. lumahok sa diskusyon


_____ 9. Kapag nakapagsalita na ang lahat sa isang simposyum susundan ito ng ______________________.


A. open forum
B. seminar-workshop
C. round table discussion
D. focus group discussion

_____ 10. Sa isang simposyum, siya ang tagapaglahad ng paksa, tagapatnubay, tagapaglinaw at nagbibigay ng buod.

A. open forum
B. seminar-workshop
C. speaker
D. modereytor

B. Panuto: Magbigay ng mga kauganay na kaalaman o konsepto hinggil sa salitang *critique* at simposyum gamit ang grapikong presentasyon. Gayahin ang pormat sa sagutang papel.




C. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang bago ang bilang ang **FACT** kung ang pangungusap ay *Tama* at **BLUFF** naman kung ito'y *Mali*. Gumamit ng hiwalay na papel para sa iyong sagot.

__________________ 1. Hindi tinatablan si Achilles ng kahit anomang sandata maliban sa kaniyang sakong na siyang kaniyang kahinaan.

__________________ 2. Si Helen ang dahilan kung bakit sumiklab ang digmaan sa pagitan ng Troy at Greece.

__________________ 3. Si Paris ang nakatalo at nakapaslang kay Achilles sa pamamagitan ng pagpana sa kaniyang sakong.

__________________ 4. Nakiisa ang Thebes sa pakikipagdigma sa Troy.

__________________ 5. Hinimok ni Haring Agamemnon ang lahat ng mga lungsod ng Gresya upang kalabanin ang Troy.

_________________ 6. Buong tapang na hinarap ni Paris si Haring Menelaus sa labanan.

_________________ 7. Nagpanggap na Achilles si Paris gamit ang gayak-pandigma nito.

_________________ 8. Pinayuhan at tinulungan ni Apollo si Paris upang magapi ang mga Greek sa labanan.

_________________ 9. Sa sama ng loob ni Hector, sumugod siya sa kampo ng mga Trojan upang ipaghiganti si Patroclus.

_________________ 10. Ipinagluksa ni Haring Priam ng Troy ang kamatayan ng kaniyang anak na si Hector.



*Magaling! Ang husay mo! Binabati kita sa sipag mong pagsama sa paglalakbay natin sa mga bansang Mediterranean. Batid kong marami ka nang natutuhan sa mga aralin. Natuklasan mo ang kanilang natatanging panitikan maging ang wika at gramatika. Ngayon, papasok na tayo sa susunod na yugto tungo sa mga panitikan ng mga bansang kanluranin o panitikang Anglo-American sa susunod na Markahan –* ***Ikalawang Markahan: Panitikang Kanluranin****.*

# *Susi sa Pagwawasto*

**PAUNANG PAGTATAYA**

| A. | | B. | C. | |
|---|---|---|---|---|
| 1. D | 6. D | *Iba-iba* | 1. BLUFF | 6. FACT |
| 2. D | 7. A | *ang* | 2. BLUFF | 7. FACT |
| 3. B | 8. B | *sagot* | 3. BLUFF | 8. BLUFF |
| 4. D | 9. D | | 4. FACT | 9. FACT |
| 5. C | 10.A | | 5. BLUFF | 10.BLUFF |

**BALIKAN**

**Gawain 1: Impluwensiya ng Panitikang Mediterranean** — *Iba-iba ang sagot.*

**TUKLASIN**

**Gawain 2: Pag-unawa sa Binasa**

**Gawain 3: Opinyon Ko, Mahalaga!** — *Iba-iba ang sagot.*

**SURIIN**

**Gawain 4: Ito ang Gusto Ko...** — *Iba-iba ang sagot.*

**Gawain 5: Usap Tayo...** — *Iba-iba ang sagot.*

**PAGYAMANIN**

**Gawain 6: Saliksik Epiko** — *Iba-iba ang sagot.*

**ISAISIP**

**Gawain 7: Sagutin Natin** — *Iba-iba ang sagot.*

**ISAGAWA**

**Gawain 8: GRASPS** — *Iba-iba ang sagot.*

**PANGWAKAS NA PAGTATAYA**

| A. | | B. | C. | |
|---|---|---|---|---|
| 1. A | 6. A | *Iba-iba* | 1. FACT | 6. BLUFF |
| 2. B | 7. B | *ang* | 2. FACT | 7. BLUFF |
| 3. D | 8. D | *sagot* | 3. FACT | 8. FACT |
| 4. B | 9. B | | 4. BLUFF | 9. BLUFF |
| 5. A | 10. A | | 5. FACT | 10. FACT |

# *Sanggunian*


Lacano, D.G., Ipong M.L. at Royo, J.L (2015). *Parola 10 - Troy.* Valenzuela City: JO-ES Publishing House, Inc. pa. 4-10.

Ambat, V.C., et.al (2015). *Filipino 10 Modyul para sa Mag-aaral.* Pasig City: Vibal Group, Inc. pa. 114-118.

*Kahulugan ng Simposyum.* Nahango noong Mayo 15, 2020 mula sa https://brainly.ph/question/2009851.

*Kahulugan at kahalagahan ng Panunuring Pampanitikan: Katangian ng mahusay na Kritiko.* Nahango noong Mayo 15, 2020 mula sa https://slideshare.net/mobile/karenmfajardo/kahulugan-at-kahalagahan-ng-panunuring-pampanitikan-katangian-ng-isang-mahusay-na-kritiko

*Trojan War Greek Mythology.* Nahango noong Mayo 15, 2020 mula sa https://www.youtube.com/watch?v=6V1D6Sq4oaY&t=337s.

*Achilles ang halos walang kahinaan na Mandirigma sa Trojan War.* Nahango noong Mayo 15, 2020 mula sa https://www.youtube.com/watch?v=4Mm-Y-z-QDI

Rimando, Rodel R., *Larawan nina Achilles at Hector.* https://rs2studios.wordpress.com/2011/10/02/sketch-of-the-day-this-is-spartaaaaa-and-troy-leonidas-and-achilles-sketch/

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph